International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

# Students' Experiences in Writing a Review of Related Studies and Literature in the Filipino Language: A Transcendental Analysis

**Riel Fretzie Lou H. Sagot [1], Gracelyn C. Altaya [2]**

[1]Department of Education, Alabel National Science High School –Alabel Sarangani Province, Philippines
rielfretzielou.sagot@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
gracelynaltaya@sksuedu.ph

**Abstract**

Writing a review of related literature is a vital component of academic research; however, many students experience difficulties in mastering this skill, particularly when using the Filipino language. This study aimed to explore the experiences of Grade 12 students at Alabel National High School in writing a review of related studies and literature in Filipino, with the goal of proposing strategies to enhance instruction in this area. The research employed a transcendental phenomenological approach and gathered qualitative data through in-depth interviews (IDI) with ten (10) purposively selected participants. Findings revealed that students' writing experiences were shaped by various cognitive and personal factors, including the influence of individuals around them and the impact of emotional, intellectual, and physical contexts on their learning. Despite the challenges they encountered, students expressed a positive outlook regarding their future writing development, particularly in terms of academic, professional, and personal growth. They also suggested practical strategies to improve their writing skills, such as the use of more effective teaching approaches and increased research support. Based on these findings, the study recommends the implementation of structured and context-responsive training programs focused on writing literature reviews in Filipino. Additionally, further research is encouraged to identify other factors that influence the academic writing proficiency of senior high school students.

Keywords: *Writing in Filipino, Research, Transcendental Phenomenology, Students' Research Experiences, skills, students' writing experiences*

## PANIMULA

Ang pagsusulat ng rebyu ng kaugnay na literatura ay isang mahalagang kasanayan sa akademikong pananaliksik, sa lokal man o pandaigdigang konteksto. Itinuturing ito bilang pamantayan ng kahusayan sa iba't ibang disiplina, at mahalaga sa mga undergraduate, graduate, at propesyonal na antas. Gayunman, maraming mag-aaral ang nahihirapang magsuri at mag-organisa ng sanggunian, magpahayag ng lohikal na ideya, at tiyakin ang baliditi ng impormasyon. Ayon kay Kourepaz (2020), ang mahinang pagsusuri ng literatura ay nagdudulot ng kalabuan at bumababa ang kalidad ng pananaliksik.

Sa Pilipinas, binibigyang-diin ng K to 12 kurikulum ang kahalagahan ng pananaliksik sa mga asignaturang tulad ng *Practical Research* at *Pagbasa at Pagsuri*, na layong linangin ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at paglutas ng suliranin. Ipinakita nina Bastida at Saysi (2023) na ang kahusayan sa wika at pagsulat ay pangunahing salik sa pagsasagawa ng pananaliksik, kaya't

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

mahalaga ang mga estratehiya ng gurong nakasandig sa pagpapahalaga at makahulugang karanasan sa pagkatuto.

Sa Rehiyon XII, ipinakita nina Villaruz at Palma (2024) na nahihirapan ang mga mag-aaral mula sa mga pribadong paaralan sa pagsulat ng rebyu, partikular sa komplikadong proseso nito. Sa Alabel National High School, napansin din ng mga guro sa Filipino ang parehong suliranin, bunga ng kakulangan sa karanasan at epektibong gabay sa paggamit ng wikang Filipino.

Bagamat may mga umiiral nang pag-aaral sa akademikong pagsulat, kulang pa rin ang pananaliksik na nakatuon sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na literatura sa Filipino. Kaya't layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang kanilang karanasan, tukuyin ang mga hadlang, at makabuo ng mga interbensyong makatutulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan—isang hakbang na makikinabang ang mga mag-aaral, guro, at tagapagpatupad ng kurikulum sa larangan ng pananaliksik.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, sinikap ng mananaliksik na mabigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagpili at pagsulat ng rebyu ng kaugnay na pag-aaral at literatura?
2. Ano ang mga konteksto na nakakaapekto sa mga mag-aaral sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na pag-aaral at literatura sa wikang Filipino?
3. Paano tinitingnan ng mga mag-aaral ang kanilang mga sarili sa hinaharap kaugnay ng pagsulat ng kaugnay na pag-aaral at literatura sa pananaliksik?
4. Ano ang maimumungkahing pagpapahusay sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na pag-aaral at literatura sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino?

## 1.1. **Teoritikal na Balangkas**

Ang teoretikal na balangkas ng pag-aaral na ito ay nakaangkla sa limang pangunahing teorya: *Learning and Skill Development Theory*, *Phenomenology*, *Context and Culture Theory*, *Writing as a Metacognitive and Cognitive Process Theory*, at *Critical Thinking and Argumentation Theory*. Ayon kay Vygotsky (1978), ang *Learning and Skill Development Theory* ay nagpapaliwanag ng kahalagahan ng gabay ng mas may kasanayan sa pagkatuto, tulad ng guro sa pagsusulat ng rebyu. Samantala, binibigyang-diin ng *Phenomenology* nina Husserl at Merleau-Ponty ang pag-unawa sa karanasan ng mag-aaral mula sa kanilang sariling pananaw, na mahalaga upang maunawaan ang kanilang pag-unlad, hirap, at estratehiya sa pagsulat. Ang *Context and Culture Theory* ni Geertz (1973) naman ay nagpapakita ng epekto ng kapaligiran at kultura sa pagsasanay ng mag-aaral, kung saan ang suporta mula sa guro, kaklase, at lipunan ay may malaking ambag sa kanilang kakayahan sa pagsusulat.

Kasama rin sa balangkas ang *Writing as a Metacognitive and Cognitive Process Theory* nina Scardamalia at Bereiter (1986), na tumutukoy sa pagsusulat bilang aktibong proseso ng pag-iisip na nangangailangan ng metakognisyon, mula sa pagpaplano hanggang rebisyon. Dagdag pa rito, ayon kay Leki (1995), ang kasanayan sa wika ay may direktang ugnayan sa kahusayan sa akademikong pagsulat, kaya't mahalaga ang tamang gamit ng wikang Filipino. Sa huli, itinatampok ni Ennis (1991) sa *Critical Thinking and Argumentation Theory* ang kahalagahan ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

lohikal na pag-iisip sa pagsusuri ng mga sanggunian at pagbibigay ng matibay na argumento, na esensyal sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na literature.

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

2.1 Kasanayan sa Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

Ang kasanayan sa pagsulat ng kaugnay na pag-aaral at literatura ay mahalagang bahagi ng akademikong pagsulat na nagpapakita ng masusing pag-unawa at pagsusuri sa mga naunang pananaliksik. Ayon kina Auer-Spath at Gluck (2019), ang paggamit ng mga estratehiya bago, habang, at pagkatapos sumulat tulad ng paggawa ng balangkas, brainstorming, at pagrerebisa ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kalidad ng sulatin at kasanayan ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin din ni Lazaro (2004), na ang pagsulat ay isang pisikal at mental na gawain na nagsisilbing daluyan ng sistematikong pagpapahayag ng ideya mula sa mga kaugnay na literatura. Sa kabuuan, ang mahusay na pagsulat ng RRL ay nakasalalay hindi lamang sa teknikal na kaalaman kundi sa epektibong paggamit ng estratehiya upang malinaw at masaliksik na maipahayag ang nilalaman ng mga naunang pag-aaral.

2.2. Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Pananaliksik

Ang pagsulat ng pananaliksik ay isang hamon para sa maraming mag-aaral dahil sa hirap sa paghahanap ng kaugnay na literatura, kakulangan sa resources, prokrastinasyon, at problema sa oras at motibasyon. Ayon kay Galdonez (2025), karaniwang suliranin ng mga mag-aaral sa Philippine Science High School ang paghahanap ng mapagkakatiwalaang sanggunian at pagsulat ng mahahalagang bahagi ng papel, ngunit natutugunan ito sa pamamagitan ng tamang teknik, pagtatanong, at tamang pag-prioritize. Samantala, natukoy ni Jimenez et al., (2024) na nahihirapan ang mga baguhan sa genre ng akademikong sulatin, lalo na sa pagbuo ng lohikal na estruktura at pagsasama ng impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian. Gayunpaman, nagiging mas madali ang proseso sa tulong ng guro at aktibong partisipasyon ng mag-aaral. Sa kabuuan, ang suporta at tamang estratehiya ay susi sa pagtagumpayan ng mga hamon sa pananaliksik.

2.3. Kasanayan sa Pagsulat sa Filipino

Ang kasanayan sa pagsulat sa Filipino ay isang mahalagang kakayahan na dapat malinang upang mapabuti ang komunikasyon at pagpapahayag ng mga ideya ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Ayog et. al, (2023), maraming mag-aaral sa mataas na paaralan ang nahihirapan sa wastong pagbabaybay, pagbabantas, at pagtatalata dahil sa impluwensya ng makabagong teknolohiya at nakasanayang maling paraan ng pagsusulat, kaya't kinakailangan ang sistematikong pagsasanay at paggamit ng mga estratehiya tulad ng Istratehiyang Pagtuturo ng Pangunahing Kasanayan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat sa Filipino. Samantala, natuklasan naman sa pag-aaral nina Damoco et al., (2024) na ang pagpapabuti ng kasanayan sa gramatika, pagbabaybay, at wastong gamit ng wika ay kritikal upang makamit ang mataas na antas ng kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay, na siyang pundasyon ng akademikong tagumpay at epektibong pagpapahayag ng mga ideya sa Filipino. Pinapakita ng mga pag-aaral na ito na ang patuloy na paggabay ng mga guro at ang paggamit ng angkop na mga pamamaraan ay susi sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat sa wikang Filipino (Ayog et al., 2023; Damoco, 2024).

## METODOLOHIYA

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

3.1. Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo, partikular ang *transcendental phenomenology*, na tumutuon sa pag-unawa sa karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw, damdamin, at kahulugan. Ayon kay Moustakas (1994), layunin ng metodolohiyang ito na ilarawan ang karanasan ng tao nang walang pagkiling o paunang palagay upang maipakita ang esensya ng isang penomena. Bilang suporta, binigyang-diin ni Barkley (2017) na mahalaga sa pamamaraang ito ang tinig ng mga kalahok, sapagkat sila ay itinuturing na mga co-researcher na nagbibigay-liwanag sa kanilang mga personal na karanasan. Angkop ang disenyong ito sa layunin ng pag-aaral na tuklasin ang personal na karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na literatura. Sa pamamagitan nito, naipahayag nila ang kanilang saloobin at konteksto gamit ang wikang Filipino, na nagsilbing batayan sa pagbibigay ng rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pananaliksik.

3.2. Respondente ng Pananaliksik

Sampung (10) mag-aaral mula sa Baitang 12 ng Alabel National High School ang naging kalahok sa pag-aaral. Sila ay matagumpay na nakabuo ng papel pampananaliksik at may aktwal na karanasan sa pagsulat ng bahagi nito, partikular sa kaugnay na pag-aaral at literatura gamit ang wikang Filipino.

Pinili ang mga kalahok batay sa sumusunod: nakapagtapos sila ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri Tungo sa Pananaliksik, may karanasan sa pagsulat ng kaugnay na literatura sa Filipino, may sapat na kakayahang magsuri ng sariling pananaw, at bukas sa pagbabahagi ng karanasan. Ginamit ang purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay tumutugma sa pamantayan. Binigyan sila ng mga koda upang mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan at ang kompidensyalidad ng datos.

3.3. Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit sa pananaliksik na ito ang in-depth interviews (IDI) bilang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos. Ang IDI ay isang kwalitatibong teknik na layong tuklasin ang pananaw at karanasan ng mga kalahok sa masusing paraan. Ayon kina Roller at Lavrakas (2015), ang IDI ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa mga maseselang o kumplikadong paksa, dahil sa kakayahan nitong hikayatin ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang mga personal na karanasan at pananaw nang walang impluwensiya ng grupo. Ang mga tanong ay maingat na binuo, sinuri ng tagapayo, at inaprubahan ng mga tagapagtangkilik. Isinagawa ang mga interbyu gamit ang cellphone at laptop, may pahintulot ng mga kalahok, upang matiyak ang katumpakan ng datos. Gumamit din ang mananaliksik ng mga kasangkapan tulad ng interview protocol, consent form, at gabay sa transkripsyon upang maisagawa nang maayos ang proseso.

3.4. Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos

Gumamit ang pananaliksik ng thematic analysis upang suriin ang datos, alinsunod sa pananaw ni Moustakas (1994) sa transcendental phenomenology, na layuning tukuyin ang esensya ng mga karanasan ng kalahok. Ang thematic analysis ay isang sistematikong paraan ng pagsusuri ng kwalitatibong datos na tumutok sa pagtukoy, pagsusuri, at pagpapakahulugan sa mga temang lumilitaw mula sa salaysay ng mga kalahok. Ayon kina Braun at Clarke (2006), ang prosesong ito

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

ay binubuo ng anim na hakbang: (1) pamilyaridad sa datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa; (2) pagbuo ng mga paunang koda mula sa mga pattern sa datos; (3) pagsasama-sama ng mga koda upang mabuo ang mga tema; (4) pagsusuri sa bisa ng mga temang nabuo; (5) pagbibigay-kahulugan at pangalan sa mga tema; at (6) pagsulat ng ulat na nakatuon sa mga temang may pinakamalaking ambag sa kabuuang pag-unawa sa karanasan ng kalahok.

Ang paggamit ng *thematic analysis* sa loob ng balangkas ng transcendental phenomenology ay sinusuportahan din ng pag-aaral nina Meihami at Rashidi (2022), na gumamit ng in-depth interviews upang tuklasin ang mga karanasan ng Iranian EFL teacher educators at ginamit ang thematic analysis upang mailahad ang esensya ng kanilang mga karanasan. Ipinapakita ng ganitong aplikasyon na ang thematic analysis ay isang mabisang paraan upang mailarawan ang mga tema sa datos na tumutugma sa layunin ng phenomenolohikal na pananaliksik.

## RESULTA AT INTERPRETASYON

Tinalakay sa bahaging ito ang mga natuklasan at paliwanag sa mga karanasan ng mga kalahok sa pagsulat ng kaugnay na literatura at pag-aaral sa wikang Filipino. Sa pagsusuri ng datos, inalam ng mananaliksik ang mga proseso, kilos, at pananaw ng mga kalahok. Mula sa pag-uuri ng datos, lumitaw ang mga temang nagsasaayos at nagpapalinaw sa kabuuang karanasan.

**Karanasan ng nga Mag-aaral sa Baitang 12 sa Kanilang Kasanayan sa Pagpili at Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura.**

| Lumilitaw na Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Koda | Mahalagang Pahayag |
|---|---|---|---|
| 1. Epektong Kognitibo ng Kasanayan | -Pinalawak na Pananaw<br>-Masinop na Pagsusuri<br>-Praktikal na Paggamit<br><br>- Wastong Pagbanggit ng Sanggunian<br>- Kaugnayan at Napapanahong Sanggunian<br><br>- Pagpapalakas ng Pagsusulat at Proseso | “karanasan ng iba, teenage pregnancy, dagdag kaalaman”<br>“metikuloso, hindi padalos-dalos, obhektibo, base sa facts”<br>“magamit sa real life”<br>“huwag kakalimutan ang citations”<br>“hindi outdated, may limitations”<br>“nag-improve sa pagsulat, mas magaling sa RRL”<br>“hindi pwedeng madaliin, pagtuon ng pansin” | "…para mas malaman ko kung ano 'yong dapat kong gawin…"<br>"…mapanuri sa mga impormasiyon…obhektibo…bumabase sa facts…"<br>"…Magamit siya in real life…"<br>"…huwag kakalimutan ang pag-cite upang hindi ma-plagiarize…"<br>"…dapat din hindi outdated…"<br>"…mas naging magaling po ako sa pagsulat…"<br>"…hindi pwedeng madaliin ang proseso…" |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Epektong Personal ng Kasanayan | - Pagtitiwala sa Sarili at Determinasyon<br>- Pangangasiwa ng Oras at Prayoridad | “patuloy, kahit mahirap”<br>“bigyang oras, gawan”<br>“pagpupursige” | "…dapat patuloy ka pa rin sa paghahanap."<br>"…na kahit mahirap…pero patuloy ka pa rin…"<br>"…kailangan mong bigyang ng oras na gawan…" |
| 3. Mga Taong Kasangkot | - Suporta ng Kapwa Mag-aaral<br>- Impluwensiya ng Guro<br>- Tulong ng Pamilya | “kaklase, kaibigan”<br>“guro”<br>“pamilya” | "…Malaki ang naitulong ng aking mga kaklase…"<br>"…Yung una-una po ang guro…"<br>"…pinayuhan po ako ng magulang ko…" |

Ipinakita sa Tema 1 ng pananaliksik ang mga positibong epekto ng pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura (KPL) sa kognitibo at personal na aspeto ng mga mag-aaral. Nakatulong ito sa pagpapalawak ng ideya, masinop na pagsusuri, at tamang paggamit ng sanggunian, ayon sa ilang kalahok. Binanggit din ang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat at mas malalim na pag-unawa sa proseso ng pananaliksik. Suportado ito ng mga pag-aaral nina Galvan at Galvan (2017),at Zhang et al. (2023), na nagpatunay sa kahalagahan ng KPL sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, argumentasyon, at kredibilidad ng pag-aaral.

Dagdag pa rito, lumitaw ang kahalagahan ng determinasyon, time management, at balanse sa personal na buhay, habang binigyang-diin din ang suporta ng kapwa mag-aaral, guro, at pamilya. Malaki ang naitulong ng mga kaklase sa pagbabahagi ng ideya, at ng mga guro sa pagsusuri ng sanggunian, gaya ng binanggit ng ilang kalahok. Ayon kay Flores (2017), mahalaga ang kolaborasyon at gabay ng guro sa pagsasanay sa pananaliksik. Pati ang suporta ng pamilya ay itinuturing na salik sa tagumpay ng mag-aaral, na sinang-ayunan nina Li et al., (2018).

**Mga Konteksto na Nakakaapekto sa mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura sa Wikang Filipino**

| Lumilitaw na Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Koda | Mahalagang Pahayag |
|---|---|---|---|
| 1. Emosyon sa Kasanayan ng Pagsulat | - Kasiyahan sa Pagsulat<br>- Pagkabigo o Kalungkutan<br>- Pagkasabik sa Bagong Karanasan<br>- Emotional Strain | “maka-happy”<br>“nalulungkot”<br>“excited”<br>“emotional” | “Maka-happy siya ma’am…”<br>“Una po bago magsulat siyempre excited…”<br>“Nakaka-excite kasi bago ang karanasan…”<br>“Medyo nalulungkot kasi nga mahirap.”<br>“Emotional kasi kailangan talagang magsulat.” |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Intelektwal na Paglago | - Kahalagahan ng Etika sa Pananaliksik<br>- Tumpak na Literatura<br>- Kritikal na Pag-iisip<br>- Kahalagahan ng Proseso | "give jud ug credits"<br>"hindi dapat kupyahin"<br>"mas connected po"<br>"tamang pagsipi" | "…mag give jud ug credits po."<br>"…hindi dapat kupyahin… dapat i-indicate ang author."<br>"…mas connected po…"<br>"…masusing pagsusuri… tamang pagsipi…" |
| 3. Kalagayang Pisikal | - Pagkapagod sa Proseso<br>- Stress at Puyat | "puyat"<br>"sumasakit ang ulo at mata"<br>"bumaba ang timbang" | "…madalas akong puyat at minsan nakakalimutang kumain…"<br>"…sumasakit ang ulo at mata…"<br>"…stress… bumaba ang timbang…" |
| 4. Mga Hamon sa Kasanayan | - Paghanap ng Sanggunian sa Filipino<br>- Limitadong Access sa Impormasyon<br>- Paggamit ng Teknolohiya | "translate"<br>"maghelp jud mig AI" | "Maglisod mig translate lalo na ma'am…"<br>"…so maghelp jud mig AI ma'am magtranslate." |

Lumitaw sa pag-aaral na ang "Emosyon sa Kasanayan ng Pagsulat" ay may malaking papel sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kaugnay na literatura. Naranasan nila ang halo-halong damdamin gaya ng tuwa, pagkabigo, at emosyonal na pagod—tuwa sa matagumpay na paghahanap ng sanggunian at frustration sa kahirapan sa pagkuha ng akmang impormasyon. Ang mga emosyong ito ay may direktang epekto sa motibasyon at konsentrasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat, kaya't mahalagang isaalang-alang ang kanilang emosyonal na kalagayan upang mapabuti ang karanasan sa pananaliksik (Asikainen et al., 2018; Chen, 2024; Pekrun et al., 2017).

Samantala, naging kapansin-pansin din ang tema ng "Pagkapagod sa Proseso," na kinabibilangan ng mental at pisikal na pagod, stress, at puyat. Ang mahabang oras ng pagbabasa, pagsusulat, at paghabol sa deadline ay nagdulot ng pisikal na sintomas tulad ng pananakit ng ulo at pagbaba ng timbang. Bukod dito, nagdulot din ng stress ang limitadong akses sa sangguniang nakasulat sa Filipino, na nagtulak sa mga mag-aaral na gumamit ng AI at online translation tools. Ayon sa mga pag-aaral, kailangan ng epektibong time management at mas malawak na access sa sangguniang akademiko sa Filipino upang mapagaan ang mga hamong ito (Swales; Kabigting et al., 2020; Sajjad, 2021; Langga et al., 2020).

**Mga Pagtingin ng mga Mag-aaral ang Kanilang mga Sarili sa Hinaharap Kaugnay ng Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura sa Pananaliksik**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

| Lumilitaw na Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Koda | Mahalagang Pahayag |
|---|---|---|---|
| 1. Pag-unlad ng Karera at Propesyon | - Pag-unlad ng karera<br>- Paggamit ng kaalaman sa propesyon | "Engineering sa hinaharap"<br>"Pag-aaral sa likod ng mga estruktura" | "Engineering in the future."<br>"… kailangan jud na siya ug study behind that structures." |
| 2. Pag-unlad ng Kaalaman at Personal na Kakayahan | - Pag-unlad ng personal na pag-unawa<br>- Pag-unlad ng pagtitiwala sa sarili | "Mas malalim na kaalaman" | "…makakaya kong gawin ang mga gawain…"<br>"…mas malalim na kaalaman sa pananaliksik." |

Lumilitaw sa pag-aaral na ang "Pag-unlad ng Karera at Propesyon" at "Pag-unlad ng Kaalaman at Personal na Kakayahan" ay mahalagang mga tema na may direktang epekto sa pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang hinaharap kaugnay ng pagsulat ng kaugnay na literatura. Ipinakita ng mga tugon ng mga mag-aaral na ang kasanayan sa pananaliksik ay may malaking papel sa kanilang propesyonal na pag-unlad, tulad ng pagpapalakas ng kakayahan sa paghahanap ng tumpak na datos at paggamit ng mga ito sa kanilang mga hinaharap na larangan, tulad ng engineering, arkitektura, at pagtuturo. Ayon sa mga kalahok, ang kanilang karanasan sa pagsusulat ng kaugnay na literatura ay nakatulong sa pagpapalawak ng kanilang mga kasanayan sa pag-iisip, disiplina, at pag-unawa sa mga ideya ng iba. Ayon Mogoneaet al. (2019), ang kasanayan sa pananaliksik ay pundasyon sa anumang propesyon, habang iminungkahi ni Alico (2016) na ang patuloy na pagsasanay sa akademikong pagsulat ay nagpapabuti sa personal na disiplina at mga kasanayan sa pagkatuto. Samakatuwid, ang pagsulat ng kaugnay na literatura ay hindi lamang isang akademikong gawain, kundi isang makabuluhang proseso na humuhubog sa personal at propesyonal na kasanayan ng mga mag-aaral.

**Mga Mungkahing Pagpapahusay sa Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura sa Pananaliksik Gamit ang Wikang Filipino**

| Lumilitaw na Tema | Pinangkat na mga Tema | Mga Koda | Mahalagang Pahayag |
|---|---|---|---|
| 1. Benipisyo sa Kasanayan ng Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura | -Pag-unlad ng Solusyon sa mga Problema<br>-Pag-unlad ng Pagtitiwala at Kahusayan sa Pagsulat<br>-Pag-unlad ng Kaalaman at Kritisismo | "magbigay ng solusyon sa isang problema"<br>"pagsulat ng organisadong"<br>"analyze na ko ug tarong ug mga information" | "…benefits na nakuha ko sa pagsulat ng pananaliksik ay ang kakayahang magbigay ng solusyon sa isang problema…"<br>"…nagagawa dahil sa mga problema, at ito ay nakakapagbigay ng isang solusyon o nagpapakita ng mga limitasyon nito..."<br>"pagsulat ng organisadong |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 311-321

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | impormasyon." |
| 2.Mga Mungkahi sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura | - Pagpapahusay sa Pagtuturo ng mga Teknikal na Kaalaman sa Pagsulat ng KPL - Pagpapahusay sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Pagsulat ng KPL - Pagpapahusay sa Pagtuturo ng mga Guro sa Aspetong Emosyonal at Personal | "tinutukan ang mga errors" "pumili ng maaasahang sources" "pagsasalin nito sa Filipino." | "… mas tinutukan ang mga errors at kung ano talaga ang kailangang baguhin…" "na turuan ang mga mag-aaral kung paano pumili ng maaasahang sources tulad ng Google Scholar at ResearchGate" "…kung matutulungan kami ng mga guro sa pagsasalin nito sa Filipino." |

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng mga benepisyo at mungkahi ukol sa kasanayan sa pagsulat ng Kaugnay na Pag-aaral at Literatura (KPL). Kabilang sa mga benepisyo ang pag-unlad ng kakayahang magbigay solusyon sa mga problema, pagpapalakas ng tiwala sa sariling kakayahan, at pagpapalawak ng kaalaman at kritikal na pagsusuri. Ayon sa mga mag-aaral, nakatutulong ang pagsulat ng KPL sa mas organisadong pagsusuri ng impormasyon at mas malalim na pag-unawa sa mga ideya. Sa kabilang banda, ang mga mungkahi para sa pagpapabuti ng kasanayan ay kinabibilangan ng pagtutok sa mga error sa pagsulat, pagpili ng maaasahang sources, at pagsasalin ng impormasyon sa Filipino. Ang mga ideyang ito ay sumusuporta sa mga findings nina Yu (2021) at Kurniati at Fithriani (2022), na nagpatibay sa kahalagahan ng tamang gabay at teknikal na kaalaman mula sa mga guro upang mapabuti ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

**KONKLUSYON**

Batay sa mga resulta ng pananaliksik, natukoy na ang mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Alabel National High School ay nahaharap sa ilang hamon sa pagsulat ng rebyu ng kaugnay na literatura gamit ang wikang Filipino. Isa sa mga pangunahing balakid ang limitadong mapagkukunan ng literatura sa Filipino, pati na rin ang epekto ng emosyonal na stress, pressure sa akademikong gawain, at kakulangan sa oras. Gayunpaman, ang suporta mula sa guro, pamilya at kaklase ay naging mahalagang salik sa pagtagumpayan ng mga ito at sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pananaliksik.

Ipinahayag din ng mga kalahok na ang kanilang karanasan sa pagsulat ng rebyu ay nagpalawak ng kanilang kaalaman, kritikal na pag-iisip at disiplina, mga kasanayang nakikita nilang kapaki pakinabang sa kanilang hinaharap na propesyon. Bilang mungkahi, iminungkahi ang pagpapalakas sa pagtuturo ng teknikal na kasanayan sa pananaliksik tulad ng tamang citation, paraphrasing at pagsusuri ng mapagkukunan, gayundin ang mas masigasig na paggamit ng wikang Filipino sa akademikong pananaliksik.

**SANGGUNIAN**

[1] Alico, J. C. (2016). *Writing anxiety and language learning motivation: Examining causes, indicators, and relationships*. *Communication and Linguistics Studies*, 2(1), 6–12.
[2] Asikainen, H., Hailikari, T., & Mattsson, M. (2018). *The interplay between academic emotions, psychological flexibility and self-regulation as predictors of academic achievement*. *Journal of Further and Higher Education*, 42(4), 439–453.
[3] Ayog, J. T., & Oliva, E. R. A. (2023). *Writing competency and student participation in Filipino class: The mediating effect of reading strategy*. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 49(4), 84–94. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i41190
[4] Barkley, S. (2017, June 12). *Phenomenological research methods | Clark Moustakas* [Review of the book *Phenomenological Research Methods*, by C. Moustakas]. *Stephen Barkley*. https://stephenbarkley.com/2017/06/12/phenomenological-research-methods-clark-moustakas/
[5] Bastida, E. L. Jr., & Saysi, J. G. (2023). *Factors contributing to research writing apprehension among senior high school students in a private educational institution in the Philippines*. *American Journal of Educational Research*, 11(6), 421–429. https://doi.org/10.12691/education-11-6-11
[6] Bito, J. (2024). *Language learning strategies and writing aptitude of the international students*. *International Journal of Research Studies in Education*, 13(15), 71–82. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24822
[7] Castillo-Martínez, I. M., & Ramírez-Montoya, M. S. (2021). *Research competencies to develop academic reading and writing: A systematic literature review*. *Frontiers in Education*, 5, 576961. https://doi.org/10.3389/feduc.2020.576961
[8] Flores, M. A. (2017). *Practice, theory and research in initial teacher education: International perspectives*. *European Journal of Teacher Education*, 40(3), 287–290. https://doi.org/10.1080/02619768.2017.1331518
[9] Galvan, J. L., & Galvan, M. C. (2017). *Writing Literature Reviews: A Guide for Students of the Social and Behavioral Sciences* (7th ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315229386
[10] Galdonez, D. P. (2025). *Exploring the experiences of STEM students in writing research: Insights, challenges, and strategies*. *Journal of Basic Education Research*, 6(1), 9–16. https://doi.org/10.37251/jber.v6i1.1150
[11] Kurniati, E. Y., & Fithriani, R. (2022). *Post-graduate students' perceptions of Quillbot utilization in English academic writing class*. *Journal of English Language Teaching and Linguistics*, 7(3), 437–451.
[12] Langga, P. M. M., & Alico, J. C. (2020). *Students' proficiency and challenges in Filipino-to-English translation: The case of Filipino senior high school students in a private institution*. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation*, 3(4), 51–62.
[13] Li, J., Han, X., Wang, W., Sun, G., & Cheng, Z. (2018). *How social support influences university students' academic achievement and emotional exhaustion: The mediating role of self-esteem*. *Learning and Individual Differences*, 61, 120–126. https://doi.org/10.1016/j.lindif.2017.11.016
[14] Meihami, H., & Rashidi, N. (2022). *A transcendental phenomenology into how teacher educators address social and psychological elements of teachers' professional identity*. *The Qualitative Report*, 27(8), 1509–1528. https://doi.org/10.46743/2160-3715/2022.5306

[15] Pekrun, R., Lichtenfeld, S., Marsh, H. W., Murayama, K., & Goetz, T. (2017). *Achievement emotions and academic performance: Longitudinal models of reciprocal effects*. *Child Development*, 88(5), 1653–1670. https://doi.org/10.1111/cdev.12704

[16] Rivera, G., & Damoco, P. T. B. (2023). *Filipino writing competence of elementary pupils*. *Ascendens Asia Singapore – Union Christian College Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 5(1), 47. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasguccphjmra/article/view/12577

[17] Roller, M. R., & Lavrakas, P. J. (2015). *Applied qualitative research design: A total quality framework approach*. Guilford Publications.

[18] Sajjad, I., Sarwat, S., Imran, M., & Shahzad, S. K. (2021). *Examining the academic writing challenges faced by university students in KFUEIT*. *PalArch's Journal of Archaeology of Egypt/Egyptology*, 18(10), 1759–1777.

[20] Villaruz, J., & Palma, R. (2024). *Metacognitive awareness of writing strategies, oral proficiency, and writing instructions: A structural equation model of academic writing skills in Filipino language*. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, 18(7), 114–134. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690